


Magsisimula ang serbisyo ng [Community Interpreter] sa Lungsod ng Itoigawa

May mga pagkakataon ba na hindi ka makapunta sa mga tanggapan ng gobyerno at institusyong medikal dahil hindi ka marunong ng wikang hapon, at marunong ka mang magsalita ng pang-araw araw na wika ay hindi mo naman kayang makipag-ugnayan ng husto dahil sa mga salitang teknikal?

Upang ang lahat ng mga dayuhang naninirahan sa lungsod ng Itoigawa ay magkaroon ng ginhawa sa kanilang pagtanggap ng mga serbisyo mula sa gobyerno at mga serbisyong medikal, nagkaroon ng sistemang nagpapahintulot sa paggamit ng interpreter. Sana ay gamitin ninyo ito dahil libre ang serbisyong ito.

Kahilingan para sa Community Interpreter

Mga Tanggapan	<ul style="list-style-type: none">* City Hall, Nou Office, Oumi Office* Nursery, Kindergarten, Elementarya at Junior High School sa Lungsod* Itoigawa General Hospital, Clinics at mga kalapit na parmasya
Mga wika	Ingles/Tagalog/Intsik/Koreano
Mga araw at oras	Mula Lunes hanggang Biyernes 9 : 00~12 : 00, 15 : 00~17 : 00 (Maliban sa pista opisyal, katapusan at simula ng taon)
Paraan ng Aplikasyon	Itoigawa International Support Association (IISA) <ul style="list-style-type: none">* Telepono: 025-555-4135 Igarashi (tumatanggap mula 9:00–15 : 00)* E-mail: iisa.itoigawa@gmail.com* FAX: 025-562-3988 (maaaring i-fax ang application form) <p><u>*Mangyari lamang na isagawa ang aplikasyon 5 araw bago ang takdang araw na kailangan ng interpreter</u></p>



Matapos mapagpasyahan, makikipag-ugnayan sa inyo ang isang kinatawan mula sa tanggapan ng IISA para sa pagpapadala ng interpreter.

Makipag-ugnay

Itoigawa City Hall Environment and Community Services Division Citizens' Livelihood Section Tel.552-1511

Itoigawa International Support Association Office (Ms Igarashi) Tel. 555-4135